Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA- 4 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA- 25 NG HULYO, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio
Igg. Jose Antonio V. Lava
Igg. Aron Ronald R. Cruz
Igg. Marbin J. Garcia
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario
Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Rchie E. San Jose
Igg. Miguel Leonardo (SK)

**LAHAT AY DUMALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 15 - 2022

**KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGKILALA AT PASASALAMAT KAY IGG. ROBERTO R. MORELOS SA KANYANG PAGSESERBISYO SA MAMAMAYAN NG BAYANG BULAKAN BILANG MIYEMBRO / EX-OFFICIO (ABC) NG IKA – SAMPU AT IKA – LABING ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULAKAN.**

May Akda: Konsehal Rchie E. San Jose

**SAPAGKAT,** isa sa pangunahing tungkulin ng lokal na pamahalaan ay ang pahalagahan, pasalamatan at bigyang pagbati ang mga mamamayang may malaking ambag sa iba't-ibang larangan at pagseserbisyo na maituturing na huwaran para sa mga kabataan at mamamayan ng bayan ng Bulakan;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Bulakan ay kumikilala sa lahat ng mabuting gawa na ipinamalas ni Igg. Roberto R. Morelos, na kung saan ay naglingkod bilang Ex-Officio member ng Ika-Sampu at Ika-Labing Isang Sangguniang Bayan ;

**SAPAGKAT,** ang kanyang angking talino, kababaang loob at dedikasyon sa paglilingkod simula ng kanyang unang tungkulin sa noo'y Bulakan Integrated National Police taong 1968, Chief of Police ng Bayan ng Bocaue taong 1981, Station Commander ng Bulakan PNP taong 1985, Chief of Police ng Bayan ng Malolos taong 1989 at naparangalan na Best COP ng tatlong beses, Best Station ang PNP Malolos at nabigyang paranggal na Natatanging Lingkod Bayan habang ginagampanan ang tungkulin. Naging kawani ng MMDA taong 1996, City Administrator ng Malolos taong 1998-2006. Si Konsehal "Bert" ay nahalal bilang Konsehal ng Bayan taong 2006 at kalaunay bumalik sa kanyang tinubuang Barangay San Francisco bilang Punong Barangay simula 2010 hanggang 2022, kaya marapat lamang na siya ay mabigyan ng papuri at sapat na pagpapahalaga;

**SAPAGKAT,** sa kanyang pagreretiro, ang bayan ng Bulakan ay nagpabaon ng pasasalamat at lakip ang kanyang malaking ambag bilang isang inspirasyon, gabay at magsisilbing pandayan ng isang tunay at wagas na paglilingkod sa bayan;

**SAPAGKAT,** si Igg. Roberto R. Morelos ay tunay na Bulakenyong ipinagmamalaki ng kanyang angkan at bayan dahil sa kanyang ipinamalas na kahusayan, katatagan at dedikasyon sa kanyang sinumpaang tungkulin kung kaya't marapat na siya ay bigyan ng pagbati at pagpapahalaga;

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Rchie E. San Jose na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Ipahayag Ang Pagkilala At Pasasalamat Kay Igg. Roberto R. Morelos Sa Kanyang Pagseserbisyo Sa Mamamayan Ng Bayang Bulakan Bilang Miyembro ng Ika - Sampu at Ika – Labing Isang Sangguniang Bayan .

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan
08-22-22